

Part 4: Ang Tungkol sa Politca

4.2 ANG MGA MAGULANG

Ang Panginoong Jesus ang may pinakamataas na awtoridad. Nagtalaga Siya ng mga institution kung saan ang bawat isa ay dapat na pamahalaan ng mga tagapamuno nito ayon sa Kanyang turo. Lahat sila ay nasasailalim ng Kanyang kapangyarihan at may pananagutan sa Kanya. Isa sa mga institutiyong ito ay ang tahanan. Ang magulang ang may awtoridad sa tahanan. Kasama ng awtoridad na ito ay ang malaking responsibilidad. Ang mga magulang ay inatasang palakihin ang kanilang mga anak sa disiplina at turo ng Panginoon.

Time OUT

- Ano ang inatas sa mga magulang patungkol sa pagpapalaki ng kanilang mga anak?

- Kanino mananagot ang mga tagapamuno sa tahanan?

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Ang pagdidisiplina sa akin ng aking mga magulang ay mahalaga sapagkat:
	Bilang anak ng aking mga magulang, responsibilidad kong:

PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.



1. Colosas 3:20

Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat iyan ang nakalulugod sa Panginoon.

2. Efeso 6:1-3

Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang, [alang-alang sa Panginoon,] sapagkat ito ang nararapat. “Igalang mo ang iyong ama at ina.” Ito ang unang utos na may kalakip na pangako: “Magiging maganda at mahaba ang iyong buhay sa lupa.”

3. Exodo 20:12

“Igalang mo ang iyong ama at ina. Sa gayo'y mabubuhay ka nang matagal sa lupaing ibinibigay sa inyo ng inyong Panginoong Diyos.”

4. Mga Kawikaan 1:8-9

Anak ko, dinggin mo ang aral ng iyong ama, at huwag ipagwalang-bahala ang turo ng iyong ina; sapagkat ang mga iyon ay parang korona sa iyong ulo, parang kuwintas na may dalang karangalan.

5. Mga Kawikaan 13:1

Ang matalinong anak ay nakikinig sa pagtutuwid ng kanyang ama, ngunit ang nangungutyang anak ay hindi nakikinig kapag sinasaway siya.

6. Mga Kawikaan 3:1-2

Anak, huwag mong kalilimutan ang mga itinuturo ko sa iyo. Ingatan mo sa iyong puso ang mga iniutos ko, sapagkat ito ang magpapahaba at magpapaunlad ng iyong buhay.

- Ayon sa mga talatang nabasa mo, ano ang itinuturong dapat natin gawin bilang mga anak?
-

- Ano ang benefit sa mga anak kung igagalang, pakikingingan at susundin nila ang kanilang mga magulang?
-
-

PAG-USAPAN:

Tungkulin ng mga magulang ang pasunurin ang kanilang mga anak. Sa aklat ng Kawikaan, sinasabi ang mga sumusunod:

- Ang hindi gumagamit ng yantok sa anak ay hindi nagmamahal sa kanya, subalit ang mapagmahal na magulang ay nagdidisiplina (13:24).

- Disiplinahin ang bata para magkaroon ng pagasa; huwag padamay sa mga masisisi sa kanyang kamatayan (19:18).
- Sanayin ang bata sa landas na dapat lakaran, at pagtanda niya hindi niya ito tatalikdan (22:6).
- Ang kalokohan ay nakapaloob sa puso ng bata, ang yantok ang makakatanggal nito (22:15).
- Disiplinahin mo ang iyong anak at bibigyan ka niya ng katahimikan; kasiyahan ng kaluluwa ang dadalhin niya sa iyo (29:17).

Sa Colossians 3:21 naman nakasulat para sa ama na huwag niyang galitin ng sobra ang anak upang ito ay hindi manlugmok.

Sa Deuteronomy 6:4-9, inutos ng Diyos sa mga ama ng tahanan ng Israel na dapat isapuso at ipako sa isipan ng kanilang mga anak ang mga alituntunin ng Diyos. Pag-usapan nila ang mga ito habang sila ay nakaupo sa bahay at kapag sila ay naglalakad sa kalye, kapag sila ay nahihimlay at kapag bumabangon. Samakatuwid, sa lahat ng oras ay dapat tinuturuan ng ama ang anak tungkol sa kalooban ng Diyos.

Dahil sa kahalagahan ng pagdidisiplina ng mga anak habang bata pa, may utos din ang Diyos sa kanila. Sa Ephesians 6:1-3 at Colossians 3:20 nakasulat para sa mga bata na dapat nilang bigyang karangalan at sundin ang kanilang mga magulang sa lahat ng bagay alang-alang sa Panginoon, sapagkat ito ang nararapat at kalugod-lugod sa Kanya.

Ang pagbibigay karangalan sa mga magulang ay ang pagbibigay ng respeto at pagmamahal sa kanila. At ang pagsunod sa mga magulang ay ang pagsunod ng buong puso, bukal sa kalooban at may kasiyahan. Ang mga anak na gaya natin ay dapat na matutong magpasakop sa awtoridad ng ating mga magulang. Habang ang mga magulang naman ay may pananagutan sa Diyos.



Ang maginhawang buhay na kinalakihan ni Marco ay nagbago sa isang iglap. Ngayon, hindi lahat ng nais niya ay nabibigay ng kanyang mga magulang ngunit hindi sila nagkulang sa kaniyang pangangailangan. Bunga nito ay nagsimulang magkimkim ng galit si Marco. Sa tuwing may pinapagawa sa kanyang gawain sa bahay ay nagdadabog ito at minsan naman ay hindi sila sinusunod. Palagi siyang kinakausap, pinapaliwanagan at pinapaalalahanan ng mga magulang sa panibagong sitwasyon nila ngunit hindi siya nakikinig. Habang tumatagal ay mas lalong lumalala ang masamang ugali ni Marco kaya naman bagamat siya'y teenager na ay napilitan ang mga magulang niya na disiplinahin siya sa tuwing may ginagawa siyang hindi maganda.

Sa iyong palagay, bakit nagagalit si Marco sa kanyang mga magulang kung hindi naman nila ginusto ang nangyaring natural disaster at kung patuloy naman nilang naibibigay ang kanyang mga pangangailangan?



Pinagkalooban ng Diyos ng awtoridad ang mga magulang ng tahanan. Ang kanilang awtoridad ay may kalakip na responsibilidad at ito ay ang palakihin ang kanilang mga anak sa disiplina at turo ng Panginoon. Ang mga anak naman ay dapat na matutong gumalang at sumunod sa kanilang mga magulang sapagkat ito ang utos ng Diyos.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. May mga sitwasyon tayong naririnig ngayon na kung saan ang mga magulang ay inuutusan ang kanilang mga anak na gumawa ng masama. Halimbawa na lang dito ay ang pandurukot. Dapat nga bang sundin ito ng anak kung tinuturo sa aralin na sundin ang mga magulang? Basahin ang Mga Gawa (Acts) 5:29. Paano mo magagamit ang talatang ito sa ganitong sitwasyon?

Natutuhan ko na	Ang pagdidisiplina sa akin ng aking mga magulang ay mahalaga sapagkat:
	Bilang anak ng aking mga magulang, responsibilidad kong:

Verse of the Day:

Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat iyan ang nakalulugod sa Panginoon. **Colosas 3:20**